

# INTRODUKSIYON / INTRODUCTION



# PAGBABAGONG SCAM, KAALAMANG SPAM: O, ILANG TIKTOK PA BAGO ANG KATAPUSAN NG MUNDO

*Pagpapakilala sa Ikalimang Isyu ng Dx Machina*

**VLADIMEIR B. GONZALES**

SA ISANG TULA, inilarawan ang pagwawakas ng mundo bilang isang pangyayaring hindi mo namamalayan. Hindi ito mamarkahan ng malaking pagsabog, o magkakahudyat sa pamamagitan ng mga dambuhalang pagyanig. Hindi namamalayan sa pananaw na hindi ito ihinahayag bilang narito na; bagkus, serye na pala ito ng maraming pangkaraniwang saglit. Nagwawakas na pala, hindi lang natin namamalayan. At walang ibang pagtatapos kundi itong paparating na pangkaraniwang pagwawakas.

Sa proseso ng pagtatasa at paghahanda ng mga akda para kasalukuyang isyu ng *Dx Machina: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, naitanong ng isa sa mga reviewer—sa dalawang taon ng COVID-19, ano na ba

ang dapat isulat, ang dapat mabasa? Sa panahong lumipas, anong mga suliranin ang natapos, o may nagbago ba talaga? Ano pa ba ang dapat paglaanan ng mga tula, kuwento, sanaysay, mga malikhaing akda?

Sa mga naunang isyu, hinimay at pinag-usapan na ang problematikong pagtugon sa pandemya. Militaristiko at hindi siyentipiko't medikal ang kalakhang pagbasa sa usapin ng pagharap at paglutas sa Covid. Marami ang nawalan ng kabuhayan, ng buhay. Ginamit ang lockdown (anuman ang pinakahuling bansag dito) upang manghuli, mang-abuso, at pumatay ng mga mamamayan. May mga naglalaho at hinahagilap na pondo at ayuda mula sa iba't ibang galamay at ahensiya. Pinilahan at pinuna ang mga patakaran at pinagdaanan ng inaabangang bakuna. Sinukat, tinimbang, ang ambag at halaga ng wika at paglikha sa panahon ng krisis pangkalusugan at pampamunuan. Ang bakas ng mga pangakong napako sa panahon ng West Philippine Sea at tokhang, naglatak at nagmantsa hanggang sa pinakahuling sandali ng administrasyong Duterte, ang administrasyong siguro'y mas matatandaan bilang "late night show" sa panahon ng pandemya. Nag-amoy kalawang, basura, at dugo ang sentimiyento at pag-asa ng karamihan. May namumuong kati at pait sa lalamunan, lalo doon sa mga lumunok nang buong-buo sa slogan na "change is coming." Marahil ganito ang lasa at pakiramdam sa bunganga ng mga Pilipinong na-scam.

O hindi kaya gaya ng mga naisulat nang talinghaga tungkol sa mga sakit ng katawan na sakit din ng bayan, may mga panlasa at pananaw bang sa panahon ng pandemya'y namanhid na't hindi na makanamnam at makaramdam? Pagkalipas ng mga dalgona coffee, pagkaraan ng mga Boys Love craze, pagkatapos ng lahat ng malalagkit na tingin at kaldagan sa bawat nauusong Tiktok dance challenge, sa pagrurok ng tumpok ng Kumu diamonds at iba pang gimik ng streaming apps, sa paghapon ng mga healing K-Drama at lahat ng palabas ng pagtakas, paano bubuo sa hiraya ng isang pambansang tanaw at tindig kaugnay ng Covid? Ilang beses nang naihayag sa mga naunang isyu ang panawagan sa pagmamatyag, sa paghihimay, sa pagbawi at paniningil sa oras, lakas, at buhay na nasayang sa problematikong pandemic response. Ipinosisyon at ihinarap sa mga mambabasa ang tindig kaugnay sa malikhaing mga akda bilang wika ng pag-asa at pagmumulat. Pero tila dumalo tayo sa isang lipunan at realidad kung saan ang pamilya ng diktador ay nagbabalik sa Malacañang, na may porsiyento ng masang nag-aasam pa rin sa di-nakikitang Tallano Gold, nagdiriwang sa mahirap panghawakang hidwaan ng "BBM" at

"Pinklawan." Gusto ng marami sa ating mahanap ang mga sagot sa mga binubuklat na pahina, pero ang mas madalas na dumarating ay mga mensahe sa ating cellphone. Mga hindi hininging panawagan tungkol sa misteryosong personal loans, mahiwagang part-time jobs, at mga urgent na mensahe mula sa mga e-mail address na walang mukha at pagkakakilanlan. Kung hindi namanhid, tila inaalat ang ating kapalaran at buhay. Tinatamaan tayo ng mga spam tungkol sa mga suliranin at sitwasyong mula sa nakaraan pero mas lamang ang pagtatayang wala tayong natutunan. Dito kumikilos, dito posibleng mabasa, ang mga malikhaing proyektong natipon natin sa isyung pangkasalukuyan.

Laman nitong ikalimang isyu ng *Dx Machina* ang siyam na tula, limang kuwento, apat na sanaysay, at isang set ng sining-biswal mula sa mga manunulat, artista, iskolar, at mga progresibong manggagawang kultural, na nakapaloob dito sa inilalararawang nalansi at inaalat na kasalukuyan. Nakikibahagi sila sa pagmumuni at pakikisimpatya sa ating paghagilap ng kapanatagan, ginhawa, at pag-asa sa panahong tila tumitindi ang kawalan ng kasiguraduhan.

Ang ilan ay nagpapaalala sa mga problemang naroon na bago pa ang pandemya—kakulangan sa trabaho, kahirapan, gutom. May ibang tumutok sa mga isyu ng personal na pagtakas, ang paghahanap ng mga tao at lugar na magiging mabuti sa pisikal at mental na kalusugan. Laging may sundot na ang pansariling kapanatagan ay nahuhulma at naaapektuhan ng mas malaking mga isyu ng uri at komunidad, anumang Alert level ang ianunsiyo ng pamahalaan.

Ginagawang mas tiyak ng ibang mga kasama ang kaligiran ng mga malikhaing proyekto. Mababasa at makikita sa ating antolohiya ang mga likhang-sining at sulating nagbabahagi sa mga tiyak na personalidad at mga mahalagang pangyayari mula sa mga huling buwan ng 2022. Hinagilap ang mga istorya sa pagitan ng sakit at malasakit. Ipinaalala si Chad Booc at ang mga guro sa paaralang Lumad na pinaslang noong Pebrero. Isinulat ang danas sa eleksiyon at ang hinagpis sa pagbabalik ng isang Marcos sa Malacañang, gayon din ang pagbabanta sa mga ibinabalik na polisiyang tulad ng "English only policy" sa mga paaralan. Ipininta ang mga saglit ng pagkakakulong sa mga magsasaka at volunteer na mapayapang nagsagawa ng Bungkalan activity sa Tinang. Binigyan ng tahanan ng antolohiyang ito ang mga ganitong talang pangkasaysayan, may duda man sa posibleng bisa nito't katuturan.

May mga akdang sinisikap imbestigahan ang puwang ng panitikan at

sining, lampas o sa gitna ng mga natutukoy na hamon at pagkukulang. Gaya nga ng nabanggit noon ni Rolando B. Tolentino, kasamang editor at ang tagapagtaguyod nitong serye ng pagsusulat sa panahon ng pandemya, minimithi ng "at the moment" o ATM writing na bagaman may mga duda sa ambag at halaga ng paglikha sa kasalukuyan, may pananalig na magkakasilbi ito at makakapagmulat sa hinaharap. Isang posibilidad na makatwirang paniwalaan (kahit hindi yata laging angkop pagsabayin ang "katwiran" at "tiwala"), lalo't ATM, nire-red tag pa rin ni Lorraine Badoy at ng Sonshine Media Network International (SMNI) ang ilang mga manunulat kasama ang pambansang alagad ng sining na si Bienvenido Lumbera. Baka may katwiran sa pananalig sa pagsulat sa gitna at lampas sa duda, lalo't ATM ay nababasa sa social media ang paghuli ng Philippine National Police kay Adora Faye de Vera, isang biktima ng torture at panggagahasa sa panahon ng Batas Militar na naging paksa rin ng dulang "Indigo Child" ng manunulat na si Rody Vera (ayon sa status na nai-post sa Facebook Page ng book designer na si Karl Castro). Maraming ATM moments na nagtatanghal ng sindak at pagkataranta ng kasalukuyang pamunuan sa mga danas ng pagmulat. Isang hindi hayag na pag-aming oo, sa dulo nito, maaari tayong makaalpas sa lahat ng mga bakas ng pang-aapi at paghihirap.

Inaamin kong mas manipis kesa sa nais at inaasahan ang pagpapakilala sa kasalukuyang isyu ng *Dx Machina*. Kombinasyon at demonstrasyon na rin ng maraming bagay at salik, marahil: bukod sa interogasyon sa kung ano pa ang dapat sabihin, nariyan ang mga napanghahawakang sitwasyon at tuntungan—pagsunod sa kalendaryo para maaprubahan ang paggamit ng budget, pag-pull out ng ilang mga naaprubahang akda dahil sa magkakaibang mga dahilan, pagod, at kakapusan sa lakas-lusog mental ng mga kasama sa kawani at grupong editoryal. Kahit may kinikilalang mga pagkukulang, heto, narito pa rin kami, narito pa rin tayo. Inaalat at hinahamak, pero gaya ng dati ay hindi pa rin nagpapaawat. May dangal sa patuloy na pagtindig, may siglang iginagawad sa pagtitiwalang nagkakaisa tayo sa mithiing magmasid at magmulat, patungo sa mas malusog, maginhawa, malaya, at mapagpalayang hinaharap.

Baka isang Tiktok video na lamang ang inaabangang ma-upload bago tuluyang magwakas ang daigdig sa tulong ng disimpormasyon, pandarambong, at pagkakawatak-watak. Pero, heto, narito pa rin tayo, kinikilala ang pagtindig, niyayakap at sinusubukang malingkis itong magaslaw at madulas na pananalig sa mga salita. Para sa ating

inilulunsad na bagong aklat, sinusubukan nating maniwalang kung ang lahat ay magwawakas, may pagtutuldok din sa mga salaysay kung saan ang mapang-abuso ang nananatiling naghahari. Ikinakaldag natin iyan katulad ng pagkaldag ng mga social media influencer na gumigiling-giling habang nakangisi sa kani-kanilang mga daluyan sa social media. Siya nawa.

.